9

# Learning Activity Sheet
## Filipino 9
### Kuwarter 4 – Linggo 2 -MELC 5

**Paglalahad ng Sariling Pananaw, Konklusyon, at Bisa ng Akda sa Sarili at sa Nakararami**



REHIYON VI-KANLURANG

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Filipino 9**
**Learning Activity Sheet (LAS) Blg. 5**
**Unang Edisyon, 2021**

Inilimbag sa Pilipinas
Ng Kagawaran ng Edukasyon,
Rehiyon 6 – Kanlurang Visayas
Duran St., Iloilo City

Isinasaad ng **Batas Republika 8293, seksiyon 176** na “Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-ari (sipi) sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaang naghanda ng gawain kung ito’y pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.”

Ang Filipino 9 **Learning Activity Sheet (LAS)** na ito ay inilimbag upang magamit ng mga Paaralan sa Rehiyon 6 - Kanlurang Visayas.

**Walang bahagi ng aklat** na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang porma nang walang pahintulot sa Kagawaran ng Edukasyon, Rehiyon 6 – Kanlurang Visayas.

**Bumuo sa Pagsusulat ng Learning Activity Sheet Q4- Filipino 9**

**Manunulat:** Marie Antoniette M. Villar
**Tagasuri :** Jerome Jordan Z. Ponsica
**Tagalapat :** Eldiardo E. Dela Peña

**Division Quality Assurance Team**
Diana P. Agupasa
Perly M. Mapa
Cynthia C. Caspe
Rosie Cabus
Marie Antoniette M. Villar

**Division of Escalante City Management Team:**
Clarissa G. Zamora., CESO VI
Atty. Fevi S. Fanco, EdD
Ivy Joy A. Torres, PhD
Jason R. Alpay
Alicia M. Geroso

**Regional Management Team:**
Ramir B. Uytico
Pedro T. Escobarte Jr.
Elena P. Gonzaga
Donald T. Genine
Celestino S. Dalumpines, IV

**MABUHAY!**

Ang **Filipino 9 Learning Activity Sheet (LAS)** na ito ay nabuo sa pamamagitan ng sama-samang pagtutulungan ng Sangay ng Lungsod Escalante at Kagawaran ng Edukasyon, Region 6 – Kanlurang Visayas sa pakikipag-ugnayan ng Curriculum and Learning Division (CLMD). Inihanda ito upang maging gabay ng learning facilitator, na matulungan ang ating mga mag-aaral na makamtan ang mga inaasahang kompetensi na inilaan ng Kurikulum ng K to 12.

Layunin ng **LAS** na ito na gabayan ang ating mga mag-aaral na mapagtagumpayan nilang masagot ang mga nakahanay na mga gawain ayon sa kani-kanilang kakayahan at laang oras. Ito ay naglalayon ding makalinang ng isang buo at ganap na Filipino na may kapaki-pakinabang na literasi habang isinasaalang-alang ang kani-kanilang pangangailangan at sitwasyon.

**Para sa mga learning facilitator:**
Ang **Filipino 9 Learning Activity Sheet (LAS)** na ito ay binuo upang matugunan ang pangangailangan ng ating mga mag-aaral sa larang ng edukasyon, na patuloy ang kanilang pagkatuto kahit na sila ay nasa kani-kanilang mga tahanan o saan mang bahagi ng learning center sa kanilang komunidad.

Bilang mga learning facilitator, siguraduhing naging malinaw ang mga panuto sa mga gawaing iniatas sa kanila. Inaasahan din na patuloy nating masubaybayan ang pag-unlad ng mga mag-aaral (learner’s progress).

**Para sa mga mag-aaral:**
Ang Filipino 9 **Learning Activity Sheet** na ito ay binuo upang matulungan ka, na mapatuloy ang iyong pagkatuto kahit na wala ka ngayon sa iyong paaralan.

Pangunahing layunin ng LAS na ito na mabigyan ka ng makahulugan at makabuluhang mga gawain. Bilang aktibong mag-aaral, unawain nang mabuti ang mga panuto ng bawat gawain

Kuwarter 4, Linggo2

.

**Learning Activity Sheet (LAS) Blg. 5**

Pangalan:______________________________Grado at Seksiyon:_____________________

Petsa: _______________

**GAWAING PAMPAGKATUTO SA FILIPINO 9**

## Paglalahad ng Sariling Pananaw, Kongklusyon, at Bisa ng Akda sa Sarili at sa Nakararami

## I. Kasanayang Pampagkatuto at Koda

**Nailalahad ang sariling pananaw, kongklusyon, at bisa ng akda sa sarili at sa nakararami. (F9PS-IVa-b-58)**

## II. Panimula (Susing Konsepto)

Ang araling ito ay nagbibigay kaalaman kung paano mailalahad nang maayos ang sariling pananaw batay sa katotohanan ng pangyayari, makapagbigay ng konklusyon sa mga tiyak na katibayang inilahad ayon sa mga datos na ipinakita at makita ang kabisaan ng akda sa sarili at sa nakararami. kadalasan anuman ang nababasa, napakinggan at napanood ay karaniwan nang binibigyan ng pananaw at konklusyon upang mas lalo pang makapagbigay ng maganda at mabisang pagpapaliwanag. Kaya bigyan ng pokus at interes ang kaalaman na kailangang matutuhan.

Alamin ang mga mahahalaganag kaisipan.

1. **Sariling Pananaw-** ay base sa sarli mong persepsiyon o opinyon ukol sa isyu.
   Halimbawa:
   Naniniwala ako na hindi nakaragdag sa kalidad ng edukasyon ang pagdaragdag ng isa pang taon elementarya.

2. **Konklusyon-**ay inilahad ang mahalagang elemento ng patunay batay sa naging resulta ng isinagawang pagtataya.
   Halimbawa:
   Batay sa mga datos na sinuri at pinakakahulugan ng mga nananaliksisk, nakita na madalas na ginagamit ng mga mag-aaral ang interes dahil sa sumusunod.
   a. Napagagaan nito ang Gawain ng mga mag-aaral.
   b. nagkakaroon ng ugnayan ang kanilang pamilya, kaibigan at mga mahal sa buhay.
   c. Nakakokonekta sila sa mga bagong nauuso maging ito man ay ibang bansa.

d. Nakakukuha ng mga bagong impormasyon.
e. napalalawak ang kanilang kaalaman.

**3. Bisa ng akda sa Sarili at sa Nakararami**

Tatlong Bisang pampanitikan

a. Bisang Pandamdamin-tumutukoy sa naging epekto o pagbabagong naganap sa iyong damdamin matapos mabasa ang akda.
b. Bisang kaasalan- tumutukoy – tungkol ito sa pagbabago sa isang kaisipan dahilan sa natutuhan sa mga pangyayaring naganap sa binasa.
c. Bisang Pangkaisipan- may kaugnayan naman ito sa pagkakaroon ng pagbabago sa iyong pananaw sa mga kaisipang nakapaloob sa akda matapos itong mabasa.

## III. Mga Sanggunian

Ailene G. Baisa-Julian et al kaligirang Pangkasaysayan ng Noli Me Tangere pahina 423-426

## IV. Mga Gawain

**Gawain 1**:

**Panuto**: Basahin ang kaligirang pangkasaysayan ng Noli Me Tangere sa iyong LAS 1 at 2. Sagutin ang sumusunod na mga katanungan. Piliin ang titik ng tamang sagot

1. Ano ang nag udyok kay Rizal upang isulat niya ang Nobelang Noli Me Tangere?
   A. Sa paglalayong maisiwalat ang kabuktutan at pagmamalupit ng mga Español sa mga Pilipino.
   B. Para makilala siya ng mga Pilipino
   C. Ipaghiganti niya ang kaniyang pamilya
   D. Ipagbigay alam niya sa mga Pilipino kung gaano siya ka galing bilang manunulat.

2. Ano ang maaaring konklusyon sa pagbuo ng nobelang Noli Me Tangere?
   A. Nais ipabatid ni Jose Rizal ang mga hinanaing niya laban sa mga Español.
   B. upang malaman ng mga Pilipino ang baluktot na sistema ng pamahalaang Español
   C. para mapangaralan ang kabataan sa kasalukuyan.
   D. lahat ay tama

3. Ano ang bisa o epekto sa iyo sa pinagdaanang pagsubok ni Rizal upang maipalimbag lamang ang nobela?
   A. Ang ginawa ni Rizal ay naging inspirasyon sa akin upang lubusang mahalin ang ating Inang bayan.
   B. Nahahabag ako sa ginawa ni Rizal
   C. Masaya dahil ginawa niya ang lahat para maangkin natin ang kalayaan
   D. Wala akong pakialam kung anuman ang mga pangyayari sa panahon ng pagsakop ng mga Español.

**Gawain II**

**Panuto:** Basahin ang kaligirang pangkasaysayan ng nobelang Noli Me Tangere at ilahad ang iyong sariling pananaw, konklusyon, at bisa ng akda sa sarili at sa nakararami. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

1. Batay sa iyong sariling pananaw, ano kaya ang mga gintong kaalaman na iyong natutuhan?
2. Bumuo ka ng isang konklusyon kung bakit mahalagang matutuhan ng kabataan ang nobelang ito?
3. Ano kaya ang maging bisa o epekto sa iyo at maging sa iba pang kabataan? Gamitin ang pamantayan Sa ibaba sa pagmamarka ng ginawang paglalahad. Lagyan ng tsek ang bawat kolum.

| **Pamantayan** | **5** | **4** | **3** | **2** | **1** |
|---|---|---|---|---|---|
| Nagagamit nang wasto ang mga bantas at malaking titik | | | | | |
| Konsistent ang paglalahad | | | | | |
| Lohikal ang pagkakahanay ng mga idea | | | | | |
| May mga halimbawa na naibigay bilang suporta sa pinalalahad | | | | | |
| Malinis ang pagkakasulat | | | | | |
| Kabuoang puntos | | | | | |
| **Pamantayan sa pagmamarka**<br>5 – Napakahusay 3 – Magaling 1–kailangan ng<br>4 – Mahusay 2 – Di-gaanong magaling pagsasanay | | | | | |
| Interpretasyon<br>20- 25 =100 15-19=95 14 -10 = 90 6-9=85 1-5=80 | | | | | |

**Tandaan:**

Kadalasan anuman ang nabasa ,napakinggan at napanood ay karaniwan nang binibigyan ng pananaw at konklusyon upang mas lalo pang makapagbigay ng maganda at mabisang pagpapaliwanag.

**V. Repleksiyon:**

Panuto:Isulat ang natutuhan mo sa aralan ng ito.

____________________________________________________________________

____________________________________________________________________

____________________________________________________________________

## VI. Susi sa Pagwawasto

Gawain 1
1. A
2. D
3. A

Gaawain II
Ibat' ibang sagot ng mga mag-aaral